

SEMIOTICS SA SERYENG "PULANG ARAW": BATAYAN SA PAGBUO NG KAGAMITANG PANTURO

MARILOU S. GARCIA

Institute of Graduate and Professional Studies,
Lyceum-Northwestern University
Dagupan City, Pangasinan
marilousanchezgarcia05@gmail.com

DOI:10.63305/742025

Article Info

Article history:

Received July 7, 2026

Revised July 13, 2026

Accepted July 19, 2026

Abstract

This qualitative research utilized a descriptive design and textual analysis (suring-basa) to examine the television series 'Pulang Araw' through semiotics as a foundation for developing instructional materials for Grade 9 Filipino. The study focused on analyzing and interpreting the signals/cues, signs/symbols, and social issues embedded across all 113 episodes of the series. The results revealed key signals such as the use of handkerchiefs (signifying affection, care, or violence/rape when bloodstained), bowing/yumi (respect, relationship, obedience, and acceptance of fate), pagmamano (respect for authority and elder affection), hats/salakot (gratitude and social status), white head veils (maternal love and solidarity), kneeling/praying (humility and faith), and bayonet attacks (systematic abuse and injustice). Additionally, eleven (11) prominent symbols were identified, including suits and hats, decorated hats, swords, shotguns/revolvers, sirens, flowers, white veils, canes in darkness, garrisons (kuwartel), letters, and traditional/historical attire. Eight (8) major social issues were uncovered: international conflicts, conspiracies, parental authority, poverty, patriotism, prostitution and comfort women issues, love amidst war, and the destruction of artistic forms (bodabil/theater). The semiotic analyses demonstrated direct alignment with the 4th Quarter Grade 9 Filipino competencies (Novels/Teledramas). Consequently, the researcher proposed a five-point guideline focusing on student needs, SMART objectives, diverse learning modalities, content quality/culture, and feedback evaluation to serve as a framework for crafting effective instructional materials.

Keywords: *Pulang Araw, Instructional Materials, Symbolism, Signals, Cues, Semiotics, Social Issues.*

INTRODUCTION

Ang mga panitikan ayon kay Nibalvos (2019), na kaisipang nagagamit o nalilikha bilang mga sining ay may malaking ginagampanan sa lipunan. Ang mga panitikang ito ay nagsasalaysay ng buhay o pamumuhay ng isang tao sa lipunan, pamahalaan, pananampalataya at iba pang mga karanasang may kaugnayan sa iba't ibang uri ng damdamin. Maituturing din ang panitikan na isang epektibong tagapagturo sapagkat sumasalamín ito sa mga repleksiyon, representasyon, karanasan, lipunan at kasaysayan ng buhay. Sa tulong ng panitikan ay nabubuksan ang isipan ng tao sa lahat ng mga kabutihang asal, suliranin o isyu at nagsisilbing guro ng isang indibidwal sa pamamagitan ng tuwiran o di tuwirang paraan.

Sa kabila ng malaking papel ng panitikan at media pantelebisyon, nananatili ang malaking hamon sa pag-unawa sa mga nakagagawian at nakatagong kahulugan (semiotika) pati na rin ang mga isyung panlipunan (tulad ng prostitution/comfort women, kahirapan, konspirasiya, at kawalan ng katarungan) na ipinapakita sa mga

teleserye. Bukod dito, may malinaw na kakulangan sa mga localized, napapanahon, at angkop na kagamitang panturo sa asignaturang Filipino sa sekondarya na gumagamit ng mga modernong teledrama upang linangin ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong: (1) Masuri sa pamamagitan ng semiotics ang teleseryeng 'Pulang Araw' batay sa mga senyas o hudyat, at tanda o simbolo; (2) Matukoy ang mga isyung panlipunan na nakapaloob sa serye; (3) Mailapat ang mga natuklasang semiotics sa mga kompetensi ng Filipino sa Baitang 9 sa Gabay Pangkurikulum; at (4) Makabuo ng panukalang alituntunin na magsisilbing batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo.

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Batas Bilang 223 (Batas na Nagtatakda ng mga Yunit sa Asignaturang Filipino at Panitikan) at sa Gabay Pangkurikulum ng Baitang 9. Ang pagsusuring ito ay nag-aambag sa pagpupuno ng mga kakulangan sa General Education Curriculum at sa paglinang ng pambansang kamalayan, wika, kultura, at pambansang identidad

ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng makabuluhan at makasaysayang teleserye bilang kagamitang panturo.

OBJECTIVE OF THE STUDY

Ang pag-aaral na ito ay naglayong masuri ang semiotics ng teleseryeng 'Pulang Araw' upang maging batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo sa Baitang 9. Tiyak na sinagot ng pananaliksik ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga semiotics batay sa (a) senyas o hudyat, at (b) tanda o simbolo na matatagpuan sa teleseryeng 'Pulang Araw'?
2. Ano-ano ang mga isyung panlipunan na nakapaloob sa teleseryeng 'Pulang Araw'?
3. Paano mailalapat ang mga natuklasang semiotics sa mga kompetensi sa Filipino ng Baitang 9 sa Gabay Pangkurikulum?
4. Anong panukalang alituntunin ang mabubuo bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo?

METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay isang uri ng kuwalitatibong (qualitative) pananaliksik na ginamitan ng pamaraang palarawan (descriptive) at suring-basa. Ayon kay Crossman (2020), ang kuwalitatibong pananaliksik ay nagtitipon at nagpapatakbo ng mga datos na hindi pang-numero upang makakuha ng kabuluhan mula sa mga datos na nakatutulong sa pag-unawa sa buhay panlipunan. Ginamitan ito ng pamaraang palarawan sapagkat ipinaliwanag ng mananaliksik ang kahulugan ng mga senyas o hudyat, tanda o simbolo, at mga isyung panlipunan sa serye (Kerlinger, 1973; Gay, 2005).

Populasyon at Suriing Datos: Ang kabuoang populasyon at suriing datos ng pag-aaral ay ang 113 na mga episode ng teleseryeng 'Pulang Araw' na ipinalabas sa GMA Network sa taong 2024. Sinuri ng mananaliksik ang bawat episode kung saan kakikitaan ng mga senyas, simbolo, at isyung panlipunan.

Pagsusuri ng Datos: Isinagawa ang pagsusuring semiotiko at tematiko sa mga episode ng teleserye. Matapos

matukoy ang mga senyas, simbolo, at isyung panlipunan, inilapat ang mga ito sa conceptual matrix at mga kompetensi ng ikaapat na markahan para sa Baitang 9 sa Gabay Pangkurikulum ng Filipino, na naging batayan sa pagbuo ng panukalang alituntunin sa kagamitang panturo.

RESULT AND DISCUSSION

Sa sumusunod na talakay ay matutunghayan ang naging kabuoang resulta ng pag-aaral batay sa tiyak na pahayag ng suliranin (SOP 1 hanggang SOP 4). Inilahad dito ang orihinal na pagsusuri at paliwanag mula sa manuskrito ng mananaliksik.

SOP 1: Semiotics sa Teleseryeng 'Pulang Araw' (Senyas/Hudyat at Tanda/Simbolo)

A. Pagsusuri sa mga Senyas o Hudyat ng Teleseryeng Pulang Araw

May mga senyas o hudyat na naging makabuluhan sa teleseryeng Pulang Araw. Nakapagdaragdag ito ng mataas na uri ng pag-iisip at kahulugan na nagtutungo sa pag-unawa ng kultural na kagawian sa panahong nabanggit sa teleserye. Pagkatapos mapanood ng mananaliksik ang buong serye na may 113 episodes, natuklasan ang pitong (7)

pangunahing Senyas o Hudyat na nakatala sa Talahanayan 1.

Semiotics ng Senyas o Hudyat	Kahulugan at Sitwasyon sa Teleserye
Paggamit ng panyo	1. Malinis na panyo mula sa lalaki sa babae (magkaibang lahi) = pagkagusto o pag-ibig. 2. Malinis na panyo na ipinunas sa mukha/pisngi = pagsuyo, pagrespeto at kalinga. 3. Panyong may bahid ng dugo = karahasan o panggagahasa sa nagmamay-ari.
"Yumi" o kaya ay pagyukod	May apat na kahulugan: (1) Paggalang o pagrespeto sa makapangyarihan; (2) Relasyon o ugnayan bilang pamilya; (3) Pagsunod sa utos ng mananakop; (4) Pagtanggap ng kapalaran.
Pagmamano	May dalawang kahulugan: (1) Sa lipunan/kalsada = pagbibigay galang sa taong mas nakatataas o may posisyon; (2) Sa kapamilya/nakatatanda = pagbibigay ng respeto at pagpaparamdam ng pagmamahal.
Sumbrero o Salakot	1. Paghawak sa dulo ng sumbrero at pagyuko = respeto at pasasalamat. 2. Pagtanggap ng sumbrero, paglagay sa dibdib at pagyuko = respeto, simpatya, at pagpapahalaga. 3. Pagsusuot sa pagdiriwang = estado o uri ng buhay.
Pagputing belo sa buhok	1. Pagsuputing belo ng ina sa anak = pagmamahal, pag-aaruga, at pasasalamat. 2. Sa biktima ng karahasan = pakikiramay at paghahayag ng pakikiisa/pagdadamay.
Pagluhod at pagdarasal	1. Pagluhod = simbolo ng paggalang, pagkumbaba, pagsuko at pagkilala sa mataas na kapangyarihan. 2. Pagdarasal = pakikipag-ugnayan

sa Diyos upang humiling ng
pagtatapos ng karahasan at gabay.

Pagbabayoneta Literal: aktong pisikal ng
pagpaparusa at pagpatay gamit ang
bayoneta/samurai.
Kahulugan: (1) Pang-aabuso sa mga
inosente; (2) Kawalan ng katarungan
at marahas na parusa.

Paggamit ng Panyo: Maraming pagkakataon sa teleseryeng Pulang Araw na ginamit ang panyo bilang senyas o hudyat. Bagama't pinakatiyak na nabibigyang kahulugan ang paggamit nito sa episode 11 at 21. Batay sa presentasyon ng teleserye, ibinigay ng bidang si Hiroshi ang kanyang panyo kay Adelina noong bata pa sila. Ipinahiwatig niya sa panahong ito na may pagnanais na siya kay Adelina bagamat bata pa sila. Tinanggap ito ni Adelina at iyon ang naging senyales ng kanilang matatag na pagmamahalan. Nakita rin sa serye nang ipinunas ni Teresita Borromeo ang kanyang panyo kay Eduardo dela Cruz sa mukha nito bilang pahiwatig ng pagsuyo, pagrespeto at kalinga. Samantala, ang karahasan ay naipakita sa pamamagitan ng panyong may bahid ng dugo nina Tiya Amanda at Madre Manuela na nagpapahiwatig ng paulit-

ulit na panggagahasa ng mga Hapon sa tinatawag na comfort women (Henson, 2021).

“Yumi” o Pagyukod: Ang Yumi o pagyukod ay naipakita sa serye na nagpapahiwatig ng apat na kahulugan: paggalang, relasyon/ugnayan, pagsunod, at pagtanggap ng kapalaran. Mapatutunayan ito sa Episode 15, 21, at 31 nang yumukod ang mga Pilipino sa mga dumating na sundalong Hapon. Ayon kay Tolentino (2007), ang pagbow o pagyuko sa kulturang Hapon ay isang mahalagang bahagi ng tradisyon at etika. May mga uri ito tulad ng Eshi (simpleng pagyukod), Keirei (mas malalim na pagyukod sa pormal na sitwasyon), at Saikeirei (pinakamalalim na anyo ng pagyukod bilang tanda ng labis na paggalang o paghingi ng tawad).

Pagmamano: Ang pagmamano ay isa sa mga kulturang nakaugalian ng mga Pilipino na siyang naipasa hanggang sa kasalukuyan. Sa Episode 33 at 42, naipakita ang pagmamano nina Juan, Isabel, Adelina, at Teresita. Ang pagmamano ay nagpapahiwatig ng

pagbibigay-galang sa taong may mataas na posisyon o estado sa lipunan, pati na rin ang pagbibigay ng respeto at pagmamahal sa pamilya at nakatatanda. Inihambing ito ng mananaliksik sa ibang bansa tulad ng Korea na pagyuko ang gamit (Guzman, 2019) at Thailand na 'Wai' o pagdikit ng dalawang kamay sa noo (Powell et al., 2019).

Paggamit ng Sumbrero: Ang paggamit ng sumbrero ay may tatlong uri ng hudyat sa serye. Ang paghawak sa dulo ng sumbrero at pagyuko ay nagpapahiwatig ng respeto at pasasalamat (Episode 41 sa bodabil). Ang pagtanggap ng sumbrero, paglagay sa dibdib at pagyuko ay nagpapahiwatig ng respeto, simpatya, at pamamaalam bago sumabak sa digmaan. Ang pagsusuot naman para sa pagdiriwang ay nagpapakita ng estado sa buhay. Ang tamang paggamit ng sumbrero ay sinusuportahan ng libro nina Senning (2022) sa 'Emily Post's Etiquette'.

Pagputing Belo sa Buhok: Sa Episode 47, ipinakita ang pagsuputing belo ng ina (Amalia) sa buhok ng kanyang anak

bilang manifestasyon ng pag-aaruga, pagmamahal, at pasasalamat. Samantalang sa kwartel, nang sinuklay at binalot ng madre (Sister Manuela) ang buhok ng mga kababaihang naging biktima ng panggagahasa, ito ay naging pahiwatig ng pakikiramay at pagdadamayan.

Pagluhod at Pagdarasal: Sa Episode 72, naging makabuluhan ang pagluhod at pagdarasal ni Sister Manuela at Amalia. Ang pagluhod ay simbolo ng paggalang, pagkumbaba, pagsuko, at pagkilala sa isang mas mataas na kapangyarihan. Ang pagdarasal naman ay isang espiritwal na pakikipag-ugnayan sa Diyos upang humiling ng pagtatapos ng karahasan at paghingi ng lakas sa gitna ng paghihirap.

Pagbabayoneta: Ang pagbabayoneta ay ang marahas na pagtusok ng matalas na samurai sa mga Pilipino. Sa serye, ito ay hindi lamang isang aktong pisikal ng pagpaparusa at pagpatay, kundi nangangahulugan ng malinaw na pang-aabuso sa mga inosenteng mamamayan at sistematikong kawalan ng katarungan sa ilalim ng rehimeng Hapon.

B. Pagsusuri sa mga Tanda o Simbolo ng Teleseryeng Pulang Araw

Sa teleseryeng Pulang Araw, may labing-isa (11) na tanda o simbolo na naging makabuluhan upang lalo pang mapalawak at mapalalim ang kuwentong nais ipabatid ng teleserye, na nakatala sa Talahanayan 2.

Amerikana at Sumbrero: Sa katauhan ni Julio Borromeo, Col. Yuta, at ng ama ni Hiroshi, ang amerikana at sumbrero ay naging simbolo ng yaman, kapangyarihan, at mataas na katayuan sa lipunan. Sinuportahan ito ng pahayag ni Espinosa (2020) ukol sa American suit bilang pormal na kasuotang nagbibigay ng impresyon ng propesyonalismo, kapangyarihan, at mataas na antas sa lipunan.

Sumbrero na may Palamuti: Ang sumbrero na may palamuti at klasikong pagkakaayos ng buhok ng tauhang si Carmella ay naging simbolo ng karangyaan at marangal na pagkababae. Ito ay kabaligtaran ng salakot o native hat na gawa sa dahon na isinusuot ng mahihirap na magsasaka at utusan sa serye.

Tabak: Ang tabak ay sumisimbolo ng katapangan at proteksiyon (lalo na nang humawak nito ang ina nina Eduardo upang protektahan ang pamilya), pati na rin ng karahasan sa paghihiganti ng mga Pilipino laban sa mga sundalong Hapon.

Shotgun at Rebolber: Ang shotgun at rebolber na hawak ni Col. Yuta, Eduardo dela Cruz, at Tanaka ay malinaw na simbolo ng awtoridad, kontrol, parusa, paghihiganti, at kamatayan. Ipinapakita nito na ang kapangyarihan ay maaaring maging instrumento ng pagmamalupit at pang-aabuso.

Sirena o Wangwang: Ang sirena o wangwang ay nagbibigay-hudyat ng sagupaan sa pagitan ng Hukbalahap at mga Hapon. Nagsisilbi rin itong orasan o curfew sa gabi (ika-9 ng gabi) upang pumasok ang mga tao sa tahanan para maiwasang madakip ng Hapon.

Bulaklak: Ipinakita sa serye ang pag-aalay ng bulaklak ni Col. Yuta kay Teresita at ni Julio kay Carmela bilang simbolo ng matinding pag-ibig at katapatan. Binigyang-linaw ni Manangan (2020) na ang pulang rosas at bulaklak ay pangkasaysayang

"Advancing Education and Human Development Through Multidisciplinary Research"

simbolo ng katapatan, wagas na pag-ibig, at emosyon.

Putting Belo: Inilagay ni Sister Manuela ang puting belo sa ulo ni Teresita sa simbahan bilang simbolo ng kabanalan, pag-asa, at wagas na pagmamahal sa kapwa sa gitna ng dalamhati.

Baston at Kadiliman: Sa eksena ng mga comfort women kasama sina Sister Manuela at Amalia, ang paghawak ng baston at pagtatago sa dilim ay naging tanging simbolo ng proteksiyon sa sarili at seguridad laban sa karahasan ng mga sundalong Hapon.

Kuwartel: Ang kuwartel o kuta ng Hapon ay naging simbolo ng kapighatian, paghihirap, at kawalan ng kalayaan at katarungan ng mga Pilipina at gerilya. Inihalintulad ito sa pag-aaral ni Tablan (2011) sa tula ni Amado V. Hernandez na 'Isang Dipang Langit' kung saan ang bilanguan ay simbolo ng pagsiil sa diwa at kawalan ng katarungan.

Sulat: Sa Episode 64 at 65, ang mga sulat ni Hiroshi kay Adelina ay naging simbolo ng pangako, pag-ibig, pag-asa, at kagandahang-loob na lumalampas sa hadlang ng digmaan at lahi.

Kasuotan: Ang kimono (marangyang Haponesa), traditional American (mayaman at maimpluwensiyang Filipina), at lumang damit (mahihirap at aping Pilipino) ay naging simbolo ng katayuan sa lipunan, kapangyarihan, at lahi sa panahon ng digmaan.

Semiotics ng Senyas o Hudyat	Kahulugan at Sitwasyon sa Teleserye
Paggamit ng panyo	1. Malinis na panyo mula sa lalaki sa babae (magkaibang lahi) = pagkagusto o pag-ibig. 2. Malinis na panyo na ipinunas sa mukha/pisngi = pagsuyo, pagrespeto at kalinga. 3. Panyong may bahid ng dugo = karahasan o panggagahasa sa nagmamay-ari.
"Yumi" o kaya ay pagyukod	May apat na kahulugan: (1) Paggalang o pagrespeto sa makapangyarihan; (2) Relasyon o ugnayan bilang pamilya; (3) Pagsunod sa utos ng mananakop; (4) Pagtanggap ng kapalaran.
Pagmamano	May dalawang kahulugan: (1) Sa lipunan/kalsada = pagbibigay galang sa taong mas nakatatasa o may posisyon; (2) Sa kapamilya/nakatatanda = pagbibigay ng respeto at pagpaparamdam ng pagmamahal.
Sumbrero o Salakot	1. Paghawak sa dulo ng sumbrero at pagyuko = respeto at pasasalamat. 2. Pagtanggap ng sumbrero, paglagay sa dibdib at pagyuko = respeto, simpatya, at pagpapahalaga. 3. Pagsusuot sa pagdiriwang = estado o uri ng buhay.
Pagputing belo sa buhok	1. Pagsuputing belo ng ina sa anak = pagmamahal, pag-aaruga, at pasasalamat. 2. Sa biktima ng karahasan = pakikiramay at paghahayag ng pakikiisa/pagdadamay.

"Advancing Education and Human Development Through Multidisciplinary Research"

Pagluhod at pagdarasal

1. Pagluhod = simbolo ng paggalang, pagkumbaba, pagsuko at pagkilala sa mataas na kapangyarihan.

2. Pagdarasal = pakikipag-ugnayan sa Diyos upang humiling ng pagtatapos ng karahasan at gabay.

Pagbabayonet a

Literal: aktong pisikal ng pagpaparusa at pagpatay gamit ang bayoneta/samurai. Kahulugan: (1) Pang-aabuso sa mga inosente; (2) Kawalan ng katarungan at marahas na parusa.

SOP 2: Mga Isyung Panlipunan sa Teleseryeng 'Pulang Araw'

Natukoy sa pag-aaral ang walong (8) pangunahing usaping panlipunan na ipinakita sa mga episode ng teleserye (Talahanayan 3) at inihambing sa kasalukuyang lipunang Pilipino.

Isyung Panlipunan	Mga Episode at Konteksto sa Serye
1. Hidwaan ng mga bansa	Episode 20, 25, 26, 31, 33, 55, 79, 104 (Digmaan ng Hapon, Amerika, at Pilipinas. Inihalintulad sa usapin ng West Philippine Sea).
2. Konspirasiya	Episode 31, 33, 89, 104, 105, 110 (Sabwatan sa pamahalaan at lipunan. Inihalintulad sa PDAF scam, Hello Garci, POGO, at Fake News).
3. Parental Authority	Episode 3, 8, 19, 32, 37, 48, 94 (Pagkontrol ng magulang sa kasal/desisyon ng anak. Nakaugat sa utang na loob).
4. Kahirapan	Episode 4, 7, 11, 60 (Mawalan ng tahanan at pagkain. Iniuugnay sa 18.1% poverty rate, mababang pasahod, at urban housing

shortage).

5. Pagkamakabayan

Episode 1, 4, 22, 41, 50, 78, 96, 98 (Pagtatanggol sa bansa ng mga gerilya. Sa kasalukuyan: paglilingkod at pagpapahalaga sa wika/kultura).

6. Prostitusyon at Comfort Women

Episode 58, 59, 60, 64, 95 (Panggagahasa at pagdakip sa kababaihan. Inihalintulad sa human trafficking at POGO exploitation).

7. Pag-ibig sa gitna ng digmaan

Episode 18, 20, 21, 25, 26, 31, 33, 40, 52, 57, 79, 87, 109 (Bawal na pag-iibigan sa kabila ng hadlang ng lahi at estado).

8. Pagsira sa sining

Episode 2, 9, 34 (Pagbagsak ng Bodabil at Teatro dahil sa digmaan. Inihalintulad sa piracy at kakulangan sa suporta sa pelikula).

Hidwaan ng mga Bansa: Ipinakita sa serye ang digmaan sanhi ng pagpapalawak ng nasasakupan ng Hapon laban sa Amerika at Pilipinas. Inihalintulad ito ng mananaliksik sa kasalukuyang usapin sa West Philippine Sea laban sa Tsina (Mustaquim, 2023), kung saan ang karagatan ay pino-protektahan ng bansa sa pamamagitan ng diplomasya at pambansang pagkakaisa.

Konspirasiya: Nailahad sa serye ang lihim na sabwatan sa pagitan ng mga opisyal at pamilya upang itago ang katotohanan. Inihambing ito sa mga kontrobersiya sa bansa tulad ng PDAF scam (Janet Lim Napoles), 'Hello Garci' wiretapping, usapin

sa POGO, Alice Guo, Pastor Quiboloy, at ang malawakang pagkalat ng fake news sa social media (Tomas, 2022; Alampay, 2021).

Parental Authority: Ang pagdedesisyon ng magulang sa kasal at buhay ng anak (tulad ng pagpapakasal kay Teresita kapalit ng kaligtasan) ay nakaugat sa kultura ng utang na loob at tradisyon ng pamilyang Pilipino (De Guzman, 2020).

Kahirapan: Kakulangan sa pagkain, kawalan ng tirahan, at paghihirap ng kalooban dulot ng digmaan. Iniuugnay ito sa 18.1% poverty incidence sa Pilipinas (PSA, 2021), mababang minimum wage (FAO, 2023), at ang 4 na milyong kulang sa pabahay sa mga lungsod (NHA, 2023).

Pagkamakabayan: Pagtatanggol sa bansa at pagbubuwis ng buhay ng mga gerilya (Eduardo). Sa kasalukuyan, ang pagkamakabayan ay naipapakita sa paglilingkod sa komunidad (NVSCA), pagmamahal sa wika at lokal na kultura (Mamaril, 2019; Mabesa, 2022), at pagtatanggol sa katarungan (David, 2019).

Prostitusyon at Comfort Women: Ang sapilitang pagdakip, panggagahasa, at paglapastangan sa karapatan ng kababaihan at menor de edad bilang comfort women (Amalia at Sister Manuela). Inihalintulad sa usapin ng white slavery, human trafficking, at eksploytasyon sa

industriya ng POGO (Philippine Star Ngayon, 2020; PCW, 2019).

Pag-ibig sa Gitna ng Digmaan: Bawal na pag-iibigan sa kabila ng hadlang ng magkaibang lahi (Adelina at Hiroshi) at magkalabang angkan (Eduardo at Teresita). Ipinapaliwanag nito ang dinamika ng relasyon at mental health sa gitna ng matinding pagsubok (Rivera, 2019; Esguerra, 2021).

Pagsira sa Sining: Ang pagbagsak ng Bodabil at Teatro dahil sa digmaan at konspirasiya. Inihambing sa kasalukuyang hamon sa pelikula at teatro gaya ng piracy, kompetisyon mula sa dayuhang palabas, at kakulangan sa suporta at pondo.

SOP 3: Paglalapat ng mga Pagsusuri sa mga Kompetensi ng Baitang 9

Ang mga natuklasang senyas o hudyat, tanda o simbolo, at isyung panlipunan sa teleseryeng 'Pulang Araw' ay direktang lapat sa mga kompetensi ng Ikaapat na Markahan para sa Baitang 9 sa asignaturang Filipino (Nobela, Telenobela, at Pelikula) na nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum.

Kategorya ng Semiotics	Domain sa Filipino 9	Mga Tiyak na Kompetensi (Gabay Pangkurikulum)
Senyas o Hudyat	Pag-unawa sa Binasa (PB) Paglinang ng Talasalitaan (PT) Wika at Gramatika (WG)	- F9PB-IVc-57: Nahihinuha ang katangian ng tauhan. - F9PB-IVd-58: Nailalahad ang pananaw sa pag-ibig. - F9PT-IVe-f-59: Naipaliliwanag ang pahiwatig. - F9WG-Iva-b-57: Nagagamit ang angkop na salita.
Tanda o Simbolo	Pag-unawa sa Binasa (PB) Paglinang ng Talasalitaan (PT) Wika at Gramatika (WG)	- F9PB-IVg-h-60: Naipaliliwanag ang kaisipan sa aralin. - F9PT-IVa-b-56: Natutukoy ang kontekstuwal na pahiwatig. - F9PT-IVg-h-60: Nabibigyang-kahulugan ang salita. - F9WG-Ivd-60: Nagagamit ang angkop na ekspresyon.
Isyung Panlipunan	Pag-unawa sa Napakinggan (PN) Pag-unawa sa Binasa (PB)	- F9PN-IVa-b-56: Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan. - F9PN-IVe-f-59: Natitiyak ang pagkamakatotohanan. - F9PB-IVa-b-56: Nailalarawan ang kondisyong panlipunan.
Isyung Panlipunan	Panonood (PD)	- F9PD-IVd-57: Napaghahambing ang lipunan noon at ngayon. - F9PD-IVe-f-58: Nailalahad ang hinaing ng mamamayan. - F9PD-IVg-h-59: Naihahambing ang katangian ng ina.
Isyung Panlipunan	Pagsasalita (PS)	- F9PS-IVg-h-62: Naipaliliwanag ang tungkulin ng ina/anak. - F9PS-IVi-j-63: Naipahahayag kung paano nakatulong ang karanasan sa pagpapabuti ng sarili.
Isyung Panlipunan	Pagsulat (PU)	- F9PU-IVe-f-61: Nakikibahagi sa pagsasadula ng isyu. - F9PU-IVi-j-63: Naitatanghal ang dulang panteatro na pumapaksa sa napapanahong isyung panlipunan.

SOP 4: Panukalang Alituntunin sa Pagbuo ng Kagamitang Panturo

Batay sa resulta ng pagsusuring semiotiko, nakapagpanukala ang mananaliksik ng limang (5) pangunahing alituntunin na magsisilbing gabay ng mga guro at manunulat ng kurikulum sa pagbuo ng de-kalidad at epektibong kagamitang panturo:

Pagkilala sa Pangangailangan ng mga

Mag-aaral: Unawain ang antas ng kaalaman, konteksto, at interes ng mag-aaral. Iangkop ang materyales sa kanilang kakayahan upang maging kapaki-pakinabang.

Pagbuo ng SMART na Layunin:

Tiyakin na ang mga layunin ng kagamitang panturo ay Specific, Measurable, Achievable, Relevant, at Time-bound upang madaling masukat ang progreso ng pagkatuto.

Pagsasama ng Iba't Ibang Paraan ng Pagtuturo (Diverse Modalities):

Gumamit ng multi-sensory approaches kabilang ang visual, auditory, kinesthetic, multimedia presentations, at interactive tools upang maengganyo ang mga mag-aaral.

Kahalagahan ng Kalidad at Kaugalian:

Siguraduhing totoo, maaasahan, at makabuluhan ang nilalaman. Isaalang-alang at igalang ang mga lokal na kaugalian, kultura, at pambansang pagkakakilanlan.

Pagsusuri at Pagsusukat ng Epekto:

Maglagay ng feedback mechanisms para sa guro at mag-aaral, at regular na suriin ang bisa ng kagamitang panturo upang patuloy itong mapabuti.

CONCLUSION

1. Ang teleseryeng 'Pulang Araw' ay mayaman sa makahulugang senyas o hudyat, tanda o simbolo, at mga isyung panlipunan na angkop na angkop talakayin sa klase sa Baitang 9.
2. Ang mga isinagawang pagsusuring semiotiko ay direktang lapat sa mga kompetensi ng Ikaapat na Markahan ng Baitang 9 sa Gabay Pangkurikulum ng asignaturang Filipino.
3. Ang binuong panukalang alituntunin na may limang pamantayan ay nagbibigay ng malinaw, sistematiko, at maasahang batayan sa pagbuo ng dekalidad na kagamitang panturo.

RECOMMENDATION

1. Inirerekomenda sa mga guro ng Filipino sa sekundarya na gamitin ang teleseryeng 'Pulang Araw' at ang mga natuklasang semiotics bilang batayan sa pagbuo ng mga localized na kagamitang panturo.
2. Sundin ng mga tagadiseno ng kurikulum ang binuong panukalang alituntunin upang matiyak ang kalidad, kaangkupan sa kultura, at pagiging epektibo ng mga materyales sa pagtuturo.
3. Ipagpatuloy ang pag-aaral at paggamit ng semiotika sa iba pang media at panitikan upang lalong mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at pambansang kamalayan ng mga mag-aaral.

REFERENCES

- Alampay, J.L & Roxas, S.P. (2021). Conspiracy Theories and Vaccine Hesitancy in the Philippines: An Analysis. *Journal of Public Health*.
- Crossman, A. (2020). *Understanding Qualitative Research and Its Methods*. ThoughtCo.
- David, R. (2019). *Pagkilos at Pagpapahayag ng Makabayang Pilipino*.

- De Guzman, M. L. (2020). Family Influence on Romantic Relationships in Young Adults. *Journal of Family Psychology*.
- Esguerra, M. J. (2021). Mental Health and Its Impact on Romantic Relationships. *Asian Journal of Psychiatry*.
- Espinosa, R. (2020). Ano ang ibig sabihin ng simbolo sa amerikana. Food and Agriculture Organization (FAO). (2023). Food Security in the Philippines.
- Gay, L.R. (2005). Educational Research: Competencies for Analysis and Applications.
- Guzman, H. (2019). Implicit Motions of Identity: The Absence of Explicit Communication in Korean Hybrid Greetings.
- Henson, M. (2021). Comfort Woman: A Filipina's Story of Prostitution and Slavery under the Japanese Military. Rowman & Littlefield.
- Kerlinger, F.N. (1973). Foundations of Behavioral Research.
- Mabesa, A. (2022). Kultura at Pagpapahalaga sa Sariling Bansa.
- Mamaril, M. A. (2019). Ang Epekto ng Globalisasyon sa Kultura ng mga Kabataan sa Pilipinas.
- Manangan, M. (2020). Kahulugan ng mga bulaklak bilang simbolo ng pag-ibig.
- Mustaquim, A. (2023). West Philippine Sea: Isang pagninilay at pagtatanggol ng ating karapatan. National Housing Authority (NHA). (2023). Housing Needs in Urban Areas.
- Nibalvos, I.M.P. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. *Malay Journal, DLSU*.
- Philippine Commission on Women (PCW). (2019). The Impact of Domestic Violence on Women and Prostitution.
- Philippine Statistics Authority (PSA). (2021). Poverty Incidence in the Philippines.
- Powell, et al. (2019). The Wai in Thai Culture: Greeting, Status-Marking and National Identity Functions.
- Rivera, A. M. (2019). The Complexities of Forbidden Love: Implications on Mental Health. *Philippine Journal of Behavioral Studies*.
- Senning, D.P. (2022). Emily Post's Etiquette: Manners for Today. Ten Speed Press.
- Tablan, F. (2011). Kaisipang Sosyalismo sa mga Akda ni Amado V. Hernandez.
- Tolentino, R. (2007). Kulturang Popular at Tradisyong Hapon.
- Tomas, J. (2022). Political Dynasties and Election Integrity in the Philippines.